



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-62

“NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT DEPARTMENT OF MIGRANT WORKERS (DMW), OVERSEAS WORKERS WELFARE ADMINISTRATION (OWWA), DEPARTMENT LABOR AND EMPLOYMENT (DOLE), TECHNICAL EDUCATION AND SKILLS DEVELOPMENT AUTHORITY (TESDA) NA NAUUKOL SA PAGPAPATUPAD NG MGA PROGRAMA AT SERBISYONG NAGLALAYONG MAPABUTI ANG KABUHAYAN, KASANAYAN, AT KAPAKANAN NG MGA MANGGAGAWA, KABILANG ANG MGA OVERSEAS FILIPINO WORKERS (OFWs) AT KANILANG MGA PAMILYA.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Romeo B. Cabalquinto

Tagapangulo

Lupon sa mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao

at

Lupon sa Industriya, Pangangalakal, Parangal, Pagkilala, Paggamit Ng Lupa at Pagpaplanong Rurban

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at Department of Migrant Workers (DMW), Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), Department Labor and Employment (DOLE), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA);

SAPAGKA'T, ang kasunduang ito ay ukol sa Programs, Projects and Activities na naglalayong mapabuti ang kabuhayan, kasanayan, at kapakanan ng mga manggagawa, kabilang ang mga Overseas Filipino Workers (OFWs) at kanilang mga pamilya;

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos

SAPAGKAT, ang Seksyon 22(c) at Seksyon 444(b)(1)(vi) ng Batas Republika Blg. 7160, na kilala bilang *Local Government Code of 1991*, ay nagtatadhana na ang Punong Ehekutibo ng Lokal na Pamahalaan ay maaaring pumasok sa mga kontrata at kasunduan sa ngalan ng munisipalidad, sa pamamagitan ng paunang pahintulot ng Sangguniang Bayan;


SAPAGKA'T, sa masusing pag aaral ng Pinagsanib na Lupon sa Mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao at Lupon sa Industriya, Pangangalakal, Parangal, Pagkilala, Paggamit Ng Lupa at Pagpaplanong Rurban ay napatunayang napagkasunduang ito ay higit na makakatulong upang mapahusay ang implementasyon ng mga programa at polisiya para sa mga *Overseas Filipino Workers* (OFWs) at kanilang mga pamilya.


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ROMEO B. CABALQUINTO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na bigyan ng pahintulot sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at Department of Migrant Workers (DMW), Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), Department Labor and Employment (DOLE), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) na nauukol sa pagpapatupad ng mga programa at serbisyong naglalayong mapabuti ang kabuhayan, kasanayan, at kapakanan ng mga manggagawa, kabilang ang mga *Overseas Filipino Workers* (OFWs) at kanilang mga pamilya.

PINAGTIBAY, ngayong ika-2 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Aljhaneal E. Quiñones
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Engr. ~~Glicerio~~ M. Perez
Kasanguni


Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —
Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng
Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Marso taong Dalawanlibo
Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim